
4

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 2
## Pangngalan

*(Pantangi at Pambalana)*



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**FILIPINO – Baitang 4**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Module 2: PANGNGALAN (Pantangi at Pambalana)**
**Unang Edisyon, 2020**

"Isinasaad ng **Batas Republika 8293**, **sekyon 176** na "Hindi maaaring magkaron ng karapatang-ari (sipi) sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito'y pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaringgawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad."

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand names, tatak o trademarks, palabras sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis-Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Susan D. Ramos
**Editor:** May C. Aguilar
**Tagasuri** : Rechie O. Salcedo, Dinnah A. Bañares
**Tagaguhit:** Jerome R. Guadalupe, Mark Anthony O. Taduran
**Tagalapat:** Rey Antoni S. Malate, Gladys Judd D. Perez
**Tagapamahala:** Regional Director: Gilbert T. Sadsad
CLMD Chief: Francisco B. Bulalacao
Regional EPS In Charge of LRMS: Grace U. Rabelas
Regional ADM Coordinator: Ma. Leilani R. Lorico
Reginal EPS – Filipino: Nora J. Laguda
CID Chef: Jerson V. Toralde
Division EPS-Filipino: Rechie O. Salcedo
Division EPS In Charge of LRMS: Belen B. Pili
Division ADM Coordinator: Randy A. Bona

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500
Mobile Phone: 0917 178 1288
E-mail Address: region5@deped.gov.ph

# 4

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 2
## Pangngalan
## (Pantangi at Pambalana)

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# *Paunang Salita*

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino 4 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Pangngalang Pantangi at Pambalana.

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



***Mga Tala para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa <u>Filipino 4</u> ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa <u>Pangngalang Pantangi at Pambalana.</u>

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |

| | |
|---|---|
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa. Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## *Alamin*

Magandang araw!

Nautusan ka na bang bumili ng shampoo o kaya naman sabon sa tindahan o grocery, at pagbalik mo'y pinagalitan ka dahil hindi 'yun ang pinabibili sa 'yo?

Ano kaya ang mali sa binili mo? Korek! Iba nga ang ***brand*** o tatak ng sabon o shampoo na binili mo, kaya ka pinagalitan. Totoong iba-iba ang sabon o shampoo kaya't dapat makuha mo ang tiyak na ngalan nito. Sigurado akong hindi ka na pagagalitan, kasi pati ispeling nito, kabisado mo na, 'di ba?

Sa araling ito, ikaw ay tutulungan kang makilala ang mga tiyak at karaniwang ngalan na tumutukoy sa tao, bagay, hayop, pook at pangyayari.

Halika na.

Inaaasahang makakamit mo sa modyul na ito ang kasanayang:

Nakikilala at nagagamit nang wasto ang pangngalang pantangi at pambalana sa pagsasalita tungkol sa sarili at ibang tao sa paligid;





## *Subukin*

*Subuking gawin ito.*

**Panuto:** Gamitin ang mga pangngalan sa loob ng kahon upang mabuo ang sinasabi sa talata**.** Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Mahusay na _____(1) si _______.(2) Siya ay nagtuturo sa ________(3) Elementarya ng (4)___________ na matatagpuan sa _______(5). Siya ay may anak na ______(6) at _____(7) na nakatira sa ________(8). Maliban sa pagiging guro, isa rin siyang magsasaka. Malaki ang kaniyang palayan at taniman ng mga
_____(8) ______at (9)________.

Marami siyang natutulungan sa kanilang (10) ________. Kung kaya't siya ay kinagigiliwan ng karamihan.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| guro | nurse | Manila | Paaralang | gulay |
| Bundok | prutas | paaralan | Santiago | |
| Lungsod Iriga | Gng. Criselda Taduran | arkitekto | | |

Binabati kita. Natapos mo ang unang pagsubok.
Alamin natin sa **pahina 13** ang wastong sagot sa mga tanong.
Saang antas ka nabibilang?
9-10 tamang sagot – NAPAKAHUSAY
6-8 tamang Sagot – MAGALING
3-5 tamang sagot – PAGBUBUTIHAN PA
0-2 tamang sagot – KAYA MO YAN



| Aralin | Pangngalang Pantangi at Pambalana |
|---|---|



## *Balikan*

*Magbalik-aral ka.*

**Naalala mo pa ba ang aralin tungkol sa pangngalan?**

Ano ang pangngalan?

*Ang **pangngalan** ay bahagi ng pananalitang tumutukoy sa **ngalan,***



Basahin mo ang tsart at pansinin ang mga salita sa bawat hanay ng ngalan.

| Tao | Bagay | Hayop | Pook | Pangyayari |
|---|---|---|---|---|
| tindera | laptop | aso | ospital | pagdiriwang |
| ina | Acer | Shitzu | St. John Hospital | Tinagba Festival |
| Aling Cora | Lenovo | Belgian | Bicol Medical Hospital | Penafrancia Festival |

**Napansin mo ba ang mga pangngalang nagsisimula sa malalaking letra?**

Sa susunod na mga gawain ay lalo mo pang mapapalawak ang iyong kaalaman tungkol dito.

***Mga Tala para sa Guro***


Bigyan ng pagsasanay ang mga mag-aaral sa pagbibigay ng pangalan ng mga bagay na kanilang nakikita sa paligid.


Ipatukoy ang uri nito. Ipakilala ang konsepto ng pantangi at pambalana sa pagkilala ng pangngalan.

# *Tuklasin*

*Magsimula ka rito.*

**Basahin mo ang panawagan na nakasulat sa plakard ng mga hayop sa ibaba.**



Nakikilala mo ba ang mga pangngalang ginamit sa panawagan?

Kung gayon sagutin mo ang sunod na gawain.

Isulat mo sa ibabang tsart ang mga pangngalang ginamit sa panawagan ng mga hayop sa itaas. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

**Mga Pangngalan sa Panawagan**

| **Panawagan ni Unggoy** | **Panawagan ni Aso** |
|---|---|
| Albay Zoo | Pangulong Duterte |
| zoo | pulis |
| parke | kawani |
| tirahan | pamahalaan |

## *Suriin*

Ngayong natukoy mo na ang mga pangngalan sa panawagang iyong binasa, kilalanin natin ang bawat uri ng pangngalan nito. Sagutin mo ang sumusunod na tanong.



**Saan nakatira si Unggoy?** *Siya ay nakatira sa Albay Zoo.*

**Ano ang tawag sa zoo na kaniyang tinitirhan?**

*Albay Zoo.*


Ang **Albay** ay **tiyak na ngalan** ng lugar.

Tinatawag itong **pangngalang pantangi.** Nagsisimula ito sa **malaking letra.**

Samantalang ang **zoo** ay karaniwan o pangkalahatang ngalan ng lugar ng mga hayop. Nagsisimula ito sa **maliit na letra**, maliban na lamang kung ito ang unang salita sa pangungusap. Tinatawag itong **pangngalang pambalana.**

*Ngayon, kaya mo na bang suriin ang natitirang pangngalan sa itaas ng tsart? Sige nga, alin-alin pa ang mga pantangi at pambalana? Gamitin ang mga natukoy na pangangalan sa pangungusap tungkol sa sarili o sa ibang tao.*

| ***Pantangi*** | ***Pambalana*** | ***Pangungusap tungkol sa sarili/ibang tao*** |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |




**Pambalana**

*Madalas kong mapanood sa TV ang patalastas ng sabon* ____________

*Sarap na sarap akong kumain ng tinapay* . ____________

Bilib na talaga ako sa iyo. Nasagutan mo lahat na pagsubok. Iwasto mo ang iyong mga kasagutan sa **pahina 13**.

Anong naramdaman mo matapos mong masagutan ang pagsubok at malaman ang iyong iskor?



**Lagi mong tatandaan...**

- **Pangngalan** ang tawag sa bahagi ng pananalita na tumutukoy sa ngalan ng tao, bagay, hayop, at lugar.

- **May dalawang (2) uri ng pangngalan:**

  1. **Pangngalang Pantangi** – ang tawag sa tiyak na ngalan ng tao, bagay, hayop, at lugar. Ito ay nagsisimula sa malaking letra.

  2. **Pangngalang Pambalana** – ang tawag naman sa karaniwan o pangkalahatang ngalan ng tao, bagay, hayop at lugar. Sa maliit na letra lamang ito nagsisimula.

## *Pagyamanin*

*Ipagpatuloy ang pagsasanay.*

A. **Panuto**. Ilagay sa tamang bilog ang mga pangngalan sa loob ng kahon. Sa gitnang kahon pumili ng 2 pantangi at 2 pambalana at gamitin ito sa sa pangungusap tungkol sa ibang tao. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| | | | |
|---|---|---|---|
| Gintong Pamana | pari | lungsod | upuan |
| Iriga bulaklak | Bb. Ramos | | Poong Nazareno |
| langgam | mag - aaral | | |

Pangngalang Pantangi

Pangungusap tungkol sa ibang tao

Pangngalang Pambalana


B. **Panuto:** Kopyahin ang naiibang pangngalan sa hanay ng mga salita at tukuyin kung ito'y pantangi o pambalana. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

___________ 1. Mindoro, Laguna, lalawigan, Batangas
___________ 2. Arroyo, senador, Duterte, Estrada
___________ 3. DENR, ahensya, gobyerno, programa
___________ 4. aklat, lapis, gunting, Alab ng Wika
___________ 5. paaralan, aklatan, simbahan, Pilipinas



Upang higit pang ,mahasa ang kakayahan mo sa pagkilala at paggamit ng pnangngalang pantangi at pambalanba, narito ang isang Gawain.

C. **Panuto.** Basahin ang usapan at piliin ang mga pangngalan. Sabihin kung ito ay pantangi o pambalana. Isulat ang sagot sa sagutang papel.




## *Isaisip*

Basahin at buoin ang kaisipan.

Ang pangngalan ay may ________ uri. Ito ang ___ pangngalang ____________________at _________________.

Ang pantangi ay __________ o ___________ngalan ng tao, hayop, bagay pook at pangyayari. Ito ay nagsisimula sa __________________.

Ang pambalana ay _____________o ________________ ngalan ng tao, hayop, bagay pook at pangyayari. Isinusulat ito sa___________________, maliban kung nasa unahan ng pangungusap.

## *Isagawa*

**Panuto:** Sa letrang **A.** Kilalanin ang mga pantangi at pambalana sa sumusunod na talata. Sa letrang **B.** gamit ang mga pangngalang pantangi at pambalana magsabi ng tungkol sa paborito mong manlalaro. Isulat ang sagot sa papel.

> Mahusay sa isports ang mga Pilipino. Kinikilala sa buong daigdig ang ating mga manlalaro. Kampeong pandaigdig ng bowling si Paeng Nepomuceno. Nagkamit ng ikalawang karangalan sa Olympic Boxing noong 1996 si Onyok Velasco. Natamo naman ni Luisito Espinosa ang kampeonato sa boksing noong taong 1997.
>
> Nakilala naman si Elma Muros sa long jump at si Maricris Fernandez sa tennis.

| | |
|---|---|
| A. Pagkilala sa Pangngalan | |
| **PANTANGI** | **PAMBALANA** |
| | |
| A. Ang aking paboritong manlalaro:<br>____________________________________<br>____________________________________<br>____________________________________<br>________________________________. | |



# *Pagtataya*

*Hanggang saan na ba ang iyong kahusayan sa pagtukoy at paggamit ng uri ng pangngalan?*

**Panuto*:*** Gamitin ang mga pangngalan sa loob ng kahon upang mabuo ang sinasabi sa talata. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Google | mag-aaral | internet | aso | nanay |
| pusa | Antipolo | Jerickson | klinika | |
| talakayan | beterinaryo | Gng. Salcedo | | |

Kahanga-hangang _______(1) si _______(2). Siya ay nakatira sa bulubundukin ng barangay ________(3) Malayo man ang kanilang bahay sa bayan subalit malakas ang signal ng _________(4) sa kanilang cellphone. Maliban sa itinuturo ng kaniyang gurong si ___________(5) matiyaga niyang hinahanap sa __________(6) ang lahat ng kanilang aralin. Kaya't sa oras ng (7) ___________, tuwang-tuwa ang kaniyang mga kamag-aaral sa mga bagong impormasyon na kaniyang ibinabahagi.


Maliban sa paghahanap ng mga kakaibang balita, mahilig din siyang mag-alaga ng______(7) at ________(8). Tumutulong din siya sa kaniyang ina sa _________(9). Sa kaniyang paglaki, pangarap niyang maging isang__________(10).

Bilib na talaga ako sa iyo. Nasagutan mo lahat na pagsubok. Iwasto mo ang iyong mga kasagutan sa **pahina 14.**

Anong naramdaman mo matapos malaman ang resulta ng iyong pagsisikap?


☹ ☺ 😐






## ***Karagdagang Gawain***

*Gumawa ng maikling usapan tungkol sa sarili at sa iyong kaibigan, gamitin ang mga pangngalan pantangi at pambalana sa usapan. Isulat ang sagot sa papel.*





**Malugod na pagbati**!
Napagtagumpayan mo ang mga gawain sa modyul na ito. Maaari ka nang magpatuloy sa susunod na modyul.

# *Susi sa Pagwawasto*

**Subukin:**

1. guro
2. Gng. Criselda Taduran
3. Paaralang
4. Santiago
5. Lungsod Iriga
6. Nurse
7. Arkitekto
8. Prutas
9. Gulay
10. bayan

**Suriin A.**

| ***Pantangi*** | ***Pambalana*** |
|---|---|
| Albay | zoo |
| Pang. Duterte | parke |
| | tirahan |
| | pulis |
| | kawani |
| | pamahalaan |
| | kapaligiran |

**Pagyamanin**

Gintong Pamana
Bb. Ramos
Iriga
Poong Nazareno

Bulaklak
Pari
Lungsod
Upuan
Langgam
Mag-aaral

**Payamanin**

B.

1. **lalawigan - pambalana**
2. **senador - pambalana**
3. **DENR - pantangi**
4. **Alab ng Wika - pantangi**
5. **Pilipinas - pantangi**

**C.**

lolo, Emilio Aguinaldo, Kawit, Cavite Tejeros, bayani, guro, Katipunan, Pamahalaan Rebulosyunaryo, Bonifacio, guro , Araling Panlipunan, Martir, bayan ,Trece Martires, Himagsikan,

**Pagtataya:**

1. **mag-aaral**
2. **Jerickson**
3. **Antipolo**
4. **internet**
5. **Gng. Salcedo**
6. **Google**
7. **pusa**
8. **aso**
9. **klinika**
10. **beterinaryo**

**Karagdagang Gawain**

*Guro ang magwawasto at magbibigay ng pamantayan/rubric

## *Sanggunian*


Calatrava, Sancho, et.al., 2015. *Yaman Ng Lahi Wika At Pagbasa Sa Filipino 4*. 1st ed. Pasig City: Sunshine Interlinks Publishing House, Inc., pp.2-16.

Dayag, Alma M. *Pinagyamang Pluma 4*. Quezon City: Phoenix Publishing
House, Inc. 2017

Liwanag, L., 1999. *Landas Sa Wika*. 1st ed. Quezon City: Dane Publishing House Inc., pp.52-54,60-62,.

Lalunio, L., Mindo, D. and Ril, F., 2000. *Hiyas Sa Wika 6*. 1st ed. Quezon City: LG&M Corporation, pp.30-32,35.

Marasigan, E. and Tesalona, L., 2017. *Pinagyamang Pluma 6 (K-12) Wika At Pagbasa Para Sa Elementarya*. 1st ed. Quezon City: Phoenix Publishing House, pp.19-22,45-47,69-71.

Rafael-Gloria, T. and Cruz, G., 2004. *Alab ng Wikang Filipino 6*. 1st ed. Sta. Ana. Manila: Innovative Educational Materials, Inc., pp.100-102,108110,119-123,133-135.

Rafael-Gloria, T. and Cruz, G., 2009. *Haraya 6 Pagbasa at Wika*. 1st ed. Sta. Ana, Manila: Innovative Educational Materials, Inc, pp.99-101,112-114,122125,136-139.

Santos, D., Burce, M., Diaz, R., Monton, J. and Salgado, S., 2009. *Suhay 5 Wika At Pagbasa*. 1st ed. Sta Ana, Manila: Vicarish Publication & Trading,Inc., pp.84-86,94-96,102-103111-114,122-124.

Santos, D., Burce, M., Diaz, R., Monton, J. and Salgado, S., 2009. *Suhay 6 Wika At Pagbasa*. 1st ed. Sta. Ana, Manila: Vicarish Publication & Trading, Inc., pp.31-33,41-44,50-53.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985